



MAGPABAKUNA KAYO NGAYON

LABAN SA TRANGKASO PARA SA 2022

Ang trangkaso ay mapanganib – protektahan ang iyong sarili at mga mahal sa buhay

Ang panahon ng trangkaso (flu) sa taóng ito ay maaaring humagupit sa ating komunidad sa taglamig na ito.

Huwag maghintay - ang pinakamainam na panahon upang magpabakuna laban sa trangkaso ay ngayon.

Ang bakuna laban sa trangkaso ay **LIBRE** para sa:

- mga batang may edad na 6 na buwan hanggang wala pang 5 taon
- lahat ng mga taong Aborihinal at Torrest Strait Islander na may edad na 6 na buwan+
- sinumang buntis
- mga taong may edad na 65 na taon+
- mga taong may edad na 6 na buwan+ na may mga kondisyong medikal

Ang pagpapabakuna laban sa trangkaso at COVID-19 nang magkasabay ay ligtas.

Magpabakuna laban sa trangkaso sa:

- Sinumang Doktor o General Practitioner
- Mga Klinika ng Pagbabakuna para sa Maliliit na Mga Bata sa Mga Sentro ng Kalusugang Pangkomunidad ng Pamahalaan ng ACT (Early Childhood Immunisation Clinics in ACT Government Community Health Centres) (para sa mga batang may edad na 6 na buwan hanggang 5 taong gulang)
- Sa mga botika na nagbibigay ng bakuna laban sa trangkaso (para sa mga taong may edad na 5 taon+).

Ikaw ay maaaring tumulong sa pagsugpo ng paglaganap ng trangkaso ngayong taglamig.

- Manatili sa bahay kung ikaw ay may sakit
- Laging maghugas ng mga kamay
- Magsuot ng pantakip sa ilong at bibig (face mask)